Republika ng Pilipinas
National Irrigation Administration
(Pambansang Pangasiwaan ng Patubig)
Region 3
TARLAC-ZAMBALES IRRIGATION MANAGEMENT OFFICE
CAMILING RIVER IRRIGATION SYSTEM

Office Address: Malacampa, Camiling, Tarlac
Telephone Nos.: (045) 934-1832
Email Address: niacamris@yahoo.com

Telefax No. (045) 934-1832
TIN No. 002-331-362-001

Ika-29 ng Abril 2019

PATALASTAS

SA LAHAT NG KINAUUKULAN:

Magalang po naming ipinaaabot sa lahat ng nasasakupan ng Camiling River Irrigation System (CAMRIS) na ang pagpapadaloy ng tubig para sa **PANAG-ULAN** na pananakahan ay magsisimula sa **ika-27** ng **Mayo 2019** at matatapos hanggang **ika-31** ng **Oktubre 2019**.

Sa kabilang dako, ang pagpapadaloy ng tubig para sa **PANAG-ARAW** na pananakahan ay magsisimula sa **ika-1 Nobyembre 2019** at matatapos hanggang **ika-28 ng Pebrero 2020.**

Simula **ika-1 ng Marso 2020** hanggang **ika-27 ng Mayo 2020**, ito ang panahon ng FALLOW period o panahon ng walang tanim. Sa panahong ito ay inilaan upang maisagawa ang pagsasaayos ng mga canal, daan, at iba pang nasira dulot ng mga lumipas/nagdaang bagyo. Isasagawa na din sa panahong ito ang pagdeclog sa intake ng Dam upang hindi na muling mabarahan ng bato at banlik ang pasukan/intake ng patubigan.

Malinaw po na isinasaad sa PATALASTAS na ito na Wet Crop and Dry Crop lamang ang kinapapalooban (WALANG 3RD CROP).

Magkaisa po tayo na sumunod sa petsang nabanggit at magsama-sama tayo na sinupin at pangalagaan ang tubig na dadaloy sa mga kanal at sa inyong bukirin. Pinapayuhan din po na tayo ay gumamit ng binhing madaling anihin.

Kalakip po nitong Patalastas ay ang mga bayan na kasama sa ating programang patubigan.

Para sa inyong kaalaman.

PRUDENCIO B. SANTOS
Manager, TARZAM IMO

Pinagtibay ni:

JOSEPHINE B. SALAZAR
Regional Manager